Bay Area Air District

MGA BODEGA SA BAY AREA

BAWASAN ANG MGA EMISYON

MGA APEKTADONG KOMUNIDAD



Mga Pagbabawas ng Polusyon sa Bodega

May sinusuri ang Distrito ng Hangin na isang posibleng bagong panuntunan para sa malalaking bodega sa Bay Area.

ANO ANG PANUNTUNAN SA HINDI DIREKTANG SOURCE?

Ang **Panuntunan sa Hindi Direktang Source (Indirect Source Rule, ISR)** sa mga bodega ay magtatakda ng mga pag-aatas sa mga pasilidad na may mga aktibidad at equipment na nagdudulot ng polusyon sa hangin. Ang mga bodega ay isang hindi direktang source ng polusyon dahil puntahan ito ng mga source ng emisyon, gaya ng malalaking truck. Kapag may ISR sa mga bodega sa Bay Area, kakailanganin ng mga operator ng bodega na bawasan ang mga emisyon sa pamamagitan ng pag-deploy ng kumbinasyon ng mas malilinis o walang emisyon na estratehiya at teknolohiya.

CLEAN AIR FOR ALL

PAGPROTEKTA SA MGA APEKTADONG KOMUNIDAD

Ang mga residente ng mga apektadong komunidad ay lubos na nalalantad sa polusyon sa hangin na resulta ng mga aktibidad sa bodega. Ang pagbabawas ng mga emisyon na nauugnay sa mga bodega sa pamamagitan ng ISR ay makakatulong na bawasan ang pinagsama-samang epekto sa kalusugan ng mas mabigat na pasanin sa polusyon ng mga komunidad na ito.

ANG GINAGAWA NG DISTRITO NG HANGIN

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay bumubuo ng mga maagang konsepto para sa isang posibleng ISR sa mga bodega. May konseptong papel na inilathala noong **Abril 16, 2026,** na bukas para sa pampublikong komento hanggang **Hunyo 1, 2026.** Magsasagawa ang mga staff ng mga pampublikong workshop sa Tag-init 2026 para manghingi ng higit pang komento at feedback mula sa publiko.

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON:

baaqmd.gov/ruledev

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict